

Batas sa Serbisyong Pangkalusugan ng Pag-uugali

toolkit ng kasosyo sa komunidad



Isang komprehensibong patnubay upang maunawaan
at makabuluhang makibahagi sa proseso ng
pagpapalano ng mga serbisyo sa Behavioral Health sa
inyong lalawigan.



Mga Nilalaman

Gabay sa mga Acronym	1
Talasalitaan ng mga Katawagan	4
Tungkol sa Toolkit na Ito	8
Ano ang Community Planning Process?	10
Saan Nagmumula ang Pondo?	18
Sino ang Maaaring Makibahagi sa Community Planning Process?	25
Bakit Mahalaga ang Pakikilahok sa Planning Process?	28
Kailan Isinasagawa ang Community Planning Process?	31
Paano Ako Makikilahok?	35
Mga Kagamitan para sa Pakikilahok	49
Mga Sanggunian	62
Mga Pagkilala	68

Gabay sa mga Acronym

Ang mga materyales hinggil sa behavioral health ay kadalasang naglalaman ng mga acronym. Narito ang ilan sa mga maaari ninyong makita sa toolkit na ito o marinig sa mga pagpupulong ng lalawigan.

Acronym	Kahulugan	Ano ang Tinutukoy Nito
BHB/ BH Board	Behavioral Health Board	Isang lokal na grupo na nagsusuri ng mga plano ng lalawigan at nagsasagawa ng mga pampublikong pagpupulong upang matiyak na naririnig ang tinig ng komunidad.
BHOATR	Behavioral Health Outcomes, Accountability, and Transparency Report	Isang taunang ulat ng lalawigan na nagpapaliwanag kung paano ginamit ang pondo para sa behavioral health at kung anu-ano ang mga nakamit na resulta.
BHSA	Behavioral Health Services Act	Batas sa California na naglalaan ng pondo para sa mga serbisyo sa behavioral health ng mga lalawigan. Pinalitan nito ang MHSA noong 2024.
BHSS	Behavioral Health Services and Supports	Mga programang pinopondohan ng BHSA na nakatuon sa pag-iwas, maagang interbensyon, at wellness ng komunidad.
BHT	Behavioral Health Transformation	Mga pagbabagong ipinatutupad sa buong estado kaugnay ng paraan ng pagpapalano at pag-uulat ng pondo ng behavioral health ng mga lalawigan, na nakatuon sa pabahay, pananagutan, at transparency.
BOS	Board of Supervisors	Mga inihalal na pinuno ng lalawigan na nag-aaprubang sa BHSA Integrated Plan ng bawat lalawigan bago ito isumite sa estado.
CalMHSA	California Mental Health Services Authority	Isang organisasyong pang-estado na sumusuporta sa mga lalawigan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagsasanay, mga kagamitan, at serbisyo upang mapabuti ang mga programa sa mental health at substance use.
CBH	Commission for Behavioral Health	Ang komisyong pang-estado na nagsusulong ng malawakang pagbabago sa sistema ng behavioral health ng California sa pamamagitan ng pananaliksik, pagsusuri, at pagsubaybay ng mga kinalabasan upang makatulong sa pagbuo ng polisiya, pagbibigay ng grant, at teknikal na suporta.
CBHDA	County Behavioral Health Directors Association of California	Isang samahang pang-estado na binubuo ng mga direktor ng behavioral health mula sa lahat ng 58 na lalawigan.
CBO	Community-Based Organization	Isang lokal na nonprofit o grupong pangkomunidad na nagbibigay ng mga serbisyo o suporta sa mga residente.
CPP	Community Planning Process	Pampublikong proseso na ginagamit ng mga lalawigan upang makalikom ng mungkahi at opinyon ng komunidad para sa kanilang BHSA Integrated Plans.
CPT	Community Planning Team	Isang pangkat na binubuo ng mga kasapi ng komunidad, mga taong may personal na karanasan, kabataan, pamilya, tagapagbigay ng serbisyo, at kawani ng lalawigan na tumutulong sa pagbalangkas ng mga plano ng lalawigan.
DHCS	Department of Health Care Services	Ang ahensiyang pang-estado na tumitiyak na maayos na pinamamahalaan ng mga lalawigan ang kanilang mga programa sa behavioral health at sumusunod ang mga ito sa mga tuntunin ng BHSA.

Acronym	Kahulugan	Ano ang Tinutukoy Nito
EI	Early Intervention	Mga serbisyong nagbibigay ng maagang tulong, lalo na sa mga kabataan, upang matugunan ang pangangailangan sa behavioral health bago ito lumala.
FQHC	Federally Qualified Health Center	Mga sentrong pangkalusugan sa komunidad na nagbibigay ng pangunahing pangangalaga at mga serbisyong behavioral health, kadalasan para sa mga grupong kulang ang akses sa serbisyo.
FSP	Full-Service Partnership	Isang programang panglalawigan na nag-aalok ng masinsin at komprehensibong pangangalaga (nakabatay sa pangkat) para sa mga taong may pinakamalubhang pangangailangan sa behavioral health.
IP	Integrated Plan	Tatlong-taong plano ng lalawigan na nagpapaliwanag kung paano gagamitin ang pondo ng BHSa (at iba pang pondo para sa behavioral health).
MCP	Managed Care Plan	Isang planong pangkalusugan na nagbibigay ng mga serbisyong medikal at behavioral health, kabilang ang para sa mga miyembro ng Medi-Cal. Nakikipagtulungan ang mga lalawigan sa mga planong ito upang maayos na maipag-ugnay ang pangangalaga sa behavioral health.
MHSA	Mental Health Services Act	Ang batas noong 2004 na unang nilikha upang higit na mapagsilbihan ang mga indibidwal na may, o nanganganib magkaroon ng, malulubhang suliranin sa mental health at ang kanilang mga pamilya. Pinalitan ito ng BHSa noong 2024.
PEI	Prevention and Early Intervention	Mga serbisyong behavioral health na idinisenyo upang matulungan ang mga tao bago pa man magkaroon ng krisis.
SED	Serious Emotional Disturbance	Isang natutukoy na mental, behavioral, o emosyonal na karamdaman na nakaaapekto sa pang-araw-araw na pamumuhay, pag-aaral, ugnayang pampamilya, o kakayahang gumampan ng tungkulin.
SMI	Serious Mental Illness	Isang natutukoy na mental, behavioral, o emosyonal na karamdaman na nakaaapekto sa buhay at kakayahang gumampan ng tungkulin ng isang tao.
SUD	Substance Use Disorder	Isang malalang sakit kung saan ang isang tao ay patuloy at mapilit na naghahanap at gumagamit ng droga sa kabila ng masasamang epekto nito.
WET	Workforce Education and Training	Mga programang pinopondohan ng BHSa na nagsasanay at sumusuporta sa mga taong nagtatrabaho sa larangan ng behavioral health.

Paalala: Kung may marinig kayong acronym o terminong hindi ninyo nauunawaan sa isang pagpupulong ng lalawigan, hilingin sa mga staff o mga facilitator na ipaliwanag ito sa malinaw at payak na wika. May karapatan ang bawat isa na maunawaan kung paano ginagawa ang mga pagpapasya hinggil sa lokal na serbisyong behavioral health.

Talasalitaan ng mga katawagan

Ang wikang ginagamit sa pagpapalano ng mga serbisyong behavioral health ng lalawigan ay maaaring maging hindi agad pamilyar sa una. Ipinapaliwanag ng glossary ito ang mga karaniwang salita at pariralang maaari ninyong marinig sa mga pagpupulong, makita sa mga website ng lalawigan, o mabasa sa mga dokumento ng pagpapalano.

Gamitin ito bilang isang quick reference habang binabasa ninyo ang toolkit na ito, paghahanda para sa isang pagpupulong, o review ng mga plano at ulat ng inyong lalawigan. Kung may marinig kayong terminong hindi nakalista rito, maaari kayong magtanong sa mga staff ng lalawigan o sa mga meeting upang ito ay maipaliwanag sapagkat may karapatan ang bawat isa na maunawaan kung paano isinasagawa ang mga pagpapasya. °

Katawagan	Kahulugan
Pagiging Madaling Ma-akses	Ang pagsasagawa ng mga hakbang upang matiyak na ang mga pagpupulong, serbisyo, o programa ay bukas at naaabot ng lahat. Maaaring kabilang dito ang pagbibigay ng interpretasyon o pagsasalin ng wika, tulong sa transportasyon, o mga opsyong online.
Lupon ng mga Tagapayo	Isang pangkat ng mga kasapi ng komunidad na nagbibigay ng payo sa lalawigan hinggil sa mga partikular na usapin, gaya ng mga serbisyong behavioral health.
Adbokasiya	Mga hakbang na isinasagawa ng mga tao upang magbigay-pansin sa isang isyu at itaguyod ang pagbabago. Maaaring kabilang dito ang pagsasalita sa mga pagpupulong, pagbabahagi ng personal na karanasan, pagsusumite ng pampublikong komento, o pakikipag-organisa sa iba.
Layunin	Isang talaan ng mga paksang tatalakayin sa isang pagpupulong. Nakatutulong ito upang malaman ng mga kalahok kung ano ang aasahan sa pagpupulong.
Mga hadlang	Mga hadlang na nagpapahirap sa mga tao na makakuha o makilahok sa mga serbisyo. Maaaring kabilang dito ang gastusin, transportasyon, wika, pangangalaga sa bata, o kakulangan ng kaalaman kung saan hihingi ng tulong.
Pondo	Isang plano kung paano gagastusin ang pondo. Kinakailangang ipaliwanag ng mga lalawigan kung paano ilalaan ang pondo para sa iba't ibang programa at suporta.
Pangangalagang Ligal	Isang prosesong legal kung saan ang hukuman ay nagtatalaga ng isang tao upang gumawa ng ilang mahahalagang pasya para sa isang nasa hustong gulang na hindi na kayang pamahalaan nang ligtas ang sariling pangangalaga o pananalapi.
Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan ng Lalawigan	Ang lokal na ahensiya ng pamahalaan na may pananagutan sa pagpapalano, pagpopondo, at pagbibigay ng mga serbisyong behavioral health sa mga residente.
Mga Serbisyo sa Panahon ng Krisis	Agarang tulong para sa mga taong nakararanas ng emerhensiyang may kinalaman sa mental health o substance use, gaya ng mga crisis line, mobile crisis team, at mga sentrong nagbibigay ng agarang pangangalaga.
Tumutugon sa Kultura	Mga serbisyong gumagalang at tumutugon sa kultura, wika, at pinagmulan ng mga taong kanilang pinaglilingkuran.
Datos	Impormasyong kinokolekta ng mga lalawigan upang maunawaan kung ano ang epektibo at kung ano ang nangangailangan ng pagpapabuti — halimbawa, kung ilan ang gumamit ng isang serbisyo at ano ang mga naging resulta nito.
Dashboard ng Datos	Isang website o online na pahina kung saan ipinapakita ng mga lalawigan ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa malinaw at biswal na paraan (mga tsart, bilang, at buod).
Pakikilahok	Mga gawain na tumutulong sa mga miyembro ng komunidad na matuto at makilahok, gaya ng mga pagpupulong, outreach, pagsasanay, at mga sarbey.

Katawagan	Kahulugan
Pagkakapantay-pantay	Pantay na akses sa mga serbisyo at suporta. Ang equity ay nangangahulugang pagtitiyak na ang mga tao at komunidad na madalas napapabayaang o kulang sa serbisyo ay makatatanggap ng mga kinakailangang mapagkukunan.
Tagapagpadaloy	Ang taong namamahala sa pagpapatakbo ng pagpupulong, tinitiyak na maayos ang daloy nito, at binibigyan ang bawat kalahok ng pagkakataong makapagsalita.
Daloy ng Pondo	Pinagmumulan ng pondo para sa mga serbisyo. Ang mga serbisyong behavioral health ay maaaring pondohan sa pamamagitan ng mga batas ng estado, pederal na programa, Medi-Cal, o lokal na mapagkukunan.
Mga Serbisyo para sa mga Walang Tirahan at Serbisyo sa Pabahay	Mga suportang tumutulong sa mga tao na makahanap at mapanatili ang ligtas na tirahan. Maaaring kabilang dito ang outreach team, shelter, mga programang panggagamot, at pangmatagalang opsyon sa pabahay.
Pagsasama	Isang kapaligirang tumatanggap at nagbibigay-daan sa pakikilahok ng lahat. Nakatuon ito sa pag-alis ng mga hadlang na pumipigil sa pakikilahok ng mga tao.
Napapabilang	Isang pamamaraang nagsasangkot sa mga tao mula sa iba't ibang pinagmulan at karanasan upang sila ay ganap na makalahok.
Pagkaka-institusyonal	Paglilagay sa isang pangmatagalang pasilidad ng pangangalaga kung saan ang isang tao ay naninirahan at patuloy na sinusubaybayan, ginagamot, o sinusuportahan.
Sesyon ng Pakikinig	Isang pagpupulong ng komunidad kung saan ang kawani ng lalawigan ay nakikinig sa mga karanasan, ideya, at pangangailangan ng mga tao upang makatulong sa pagbuo ng BHSA Integrated Plans.
Pansariling Karanasan	Personal na karanasan sa mga suliranin sa mental health at/o substance use, o sa pagsuporta sa isang kapamilya na nakararanas nito.
Nasa Laylayan ng Lipunan	Tumutukoy sa mga grupo na madalas napapabayaang o kulang sa serbisyo at maaaring humarap sa karagdagang hadlang sa pagkuha ng serbisyo o pagpapahayag ng kanilang pangangailangan.
Medi-Cal	Libreng o murang saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa California para sa mga taong may mababang kita. Maraming serbisyong behavioral health ng lalawigan ang naibibigay sa pamamagitan ng programang ito.
Katitikan ng Pulong	Mga tala mula sa pagpupulong na nagbuod ng mga tinalakay at mga naging desisyon.
Mosyon	Isang pormal na mungkahi o panukalang inihain sa isang pagpupulong. Ang mga opisyal ay boboto upang mapagtibay ang mga mosyon.

Katawagan	Kahulugan
Kinalabasan	Resulta o pagbabagong nilalayan na makamit ng isang programa, tulad ng pagbawas ng mga krisis, pagdami ng mga taong napaglilingkuran, o pagpapabuti ng kalagayan ng kagalingan.
Pag-abot sa Komunidad	Mga gawain ng lalawigan upang makipag-ugnayan sa mga miyembro ng komunidad — tulad ng pagtawag sa telepono, pamamahagi ng flyers, email, pagdaraos ng mga aktibidad, o direktang pakikipag-ugnayan — upang matiyak ang pagsasama ng iba't ibang boses sa proseso.
Prayoridad na Populasyon	Pangkat na tinutukoy ng Behavioral Health Services Act (BHSA) bilang may pinakamataas na pangangailangan sa mga serbisyong behavioral health ng lalawigan.
Programa	Isang serbisyo o hanay ng mga serbisyong iniaalok sa komunidad. Maaaring kabilang dito ang mga programang outpatient behavioral health treatment, crisis hotline, peer support group, at counseling na nakabase sa paaralan.
Tagapagbigay ng Serbisyo	Sinumang indibidwal o organisasyon na naghahatid ng mga serbisyo, tulad ng mga tagapayo, therapist, doktor, peer support worker, sentrong pangagamot, organisasyong pangkomunidad, at klinika.
Sikososyal	Tumutukoy sa ugnayan ng kalusugang pangkaisipan ng isang tao at ng kanyang kapaligirang panlipunan na nakaaapekto sa kagalingan, relasyon, at pang-araw-araw na pamumuhay.
Pampublikong Pahayag	Panahon sa isang pagpupulong o proseso ng pagpapalano kung saan maaaring magbahagi ang sinuman ng opinyon tungkol sa draft na BHSA Integrated Plan o desisyon. Ang lalawigan ay may tungkuling makinig sa mga pahayag na ito.
Pampublikong Pagdinig	Pormal na pagpupulong kung saan inilalahad ng lalawigan ang draft na BHSA Integrated Plan at binibigyan ng pagkakataon ang komunidad na magbigay ng puna bago ito isumite sa DHCS.
Quorum	Minimum na bilang ng mga kasaping may karapatang bumoto na kinakailangang dumalo upang opisyal na makapagpatuloy ang isang pagpupulong sa paggawa ng desisyon.
Katuwang na May Interes	Sinumang may interes sa mga serbisyong behavioral health, kabilang ang mga miyembro ng komunidad, kapamilya, nakatatanda, mga taong may personal na karanasan sa behavioral health, mga tagapagbigay ng serbisyo, at mga tagapagtaguyod.
Stigma	Mga negatibong pananaw o paniniwala tungkol sa isang pangkat ng tao o kondisyon sa kalusugan. Maaaring magdulot ang stigma ng kahihyan, takot humingi ng tulong, at hindi pantay na pagtrato.
Hindi Sapat na Napaglilingkuran	Tumutukoy sa mga komunidad na hindi sapat ang natatanggap na serbisyo o mapagkukunan kumpara sa kanilang pangangailangan. Maaaring may mas kaunting programa, mas mahabang paghihintay, o mas limitadong akses sa pangangalaga ang mga grupong ito.
Workgroup	Maliit na pangkat na nakatuon sa isang tiyak na isyu, tulad ng pangangailangan ng kabataan, serbisyong pangkrisis, pabahay, o outreach.

Tungkol sa Toolkit na Ito

Ang bawat lalawigan sa California ay nagpaplano kung paano susuportahan ang mga taong may pangangailangan sa behavioral health (mental health at/o mga karamdaman dahil sa substance use). Tinatawag ang prosesong ito bilang **Community Planning Process**, o CPP.

Ang Community Planning Process ay bahagi ng **Behavioral Health Services Act** (BHSA). Ang BHSA ay isang batas ng estado na ipinasa ng mga botante bilang Proposition 1 noong 2024 sa California. Layunin ng batas na ito na maglaan ng pondo para sa mahahalagang lokal na serbisyo para sa mga indibidwal na may mataas na pangangailangan sa behavioral health. Hindi kayang buuin ng mga lalawigan ang mga planong ito nang mag-isa. Kinakailangan nilang makinig sa mga miyembro ng komunidad — kabilang ang mga taong tulad ninyo.

Ang advocacy ay nakatutulong upang maisalin ang inyong mga karanasan tungo sa tunay na pagbabago. Sa pamamagitan ng pagbabahagi kung ano ang epektibo, kung ano ang kulang, o kung ano ang maaaring mapabuti sa lokal na pangangalagang behavioral health, nakatutulong kayo sa mga lalawigan na makapagpasya batay sa pangangailangan ng komunidad.

Hindi laging madali ang magsalita at magpahayag ng opinyon. Maaaring maramdaman na ang sistema ay malaki, mabagal, o mahirap baguhin. Gayunpaman, mahalaga ang inyong boses nang higit sa inyong inaakala. Sa pagbabahagi ng inyong karanasan o ideya, nakatutulong kayo sa paghubog ng serbisyong pangkalusugan sa inyong lalawigan at sa paggawa ng mas makatarungan, mas matatag, at mas nakatuon sa tunay na pangangailangan ng komunidad.

Ang toolkit na ito ay ginawa upang tulungan kayo — upang maipakita kung paano gumagana ang proseso at kung paano kayo makikibahagi. Makikita ninyo sa loob ang mga kagamitan, halimbawa, at sanggunian upang mas mapadali ang inyong pakikilahok.

Ang bawat boses ay nakatutulong sa paghubog ng mga serbisyong behavioral health sa inyong komunidad. Karapat-dapat na marinig ang inyong boses.

Paalala: Ang dokumentong ito ay ia-update upang isaalang-alang ang mga puna ng komunidad at anumang pagbabago sa CPP.

Ano ang Community Planning Process?

Ang Community Planning Process ay ang prosesong dapat isagawa ng bawat lalawigan sa California upang mabuo ang kanilang Behavioral Health Integrated Plan, o “Integrated Plan” sa madaling salita.

Ang Integrated Plan

Ang Integrated Plan ay isang dokumento na naglalahad kung paano gagamitin ng mga lalawigan sa California ang pondo upang suportahan ang mga serbisyong behavioral health sa komunidad. Kinakailangan ang planong ito ayon sa batas na **Behavioral Health Services Act** (BHSA). Ayon sa BHSA, ang Integrated Plan ay dapat pangunahing magsilbi sa mga taong may pinakamalaking pangangailangan o tinatawag na “priority populations.”

Tinutukoy ng BHSA ang priority populations bilang mga indibidwal na may pangangailangan sa behavioral health [kabilang ang mga may Serious Emotional Disturbance (SED), Serious Mental Illness (SMI), at/o Substance Use Disorder (SUD)], na may partikular na pagtuon sa mga taong nabibilang sa mga sumusunod:



Kawalan ng Bahay (Homelessness)



Pagkakasangkot sa sistema ng hustisya

(halimbawa, kulungan, bilanguan, o pasilidad ng detensyon ng kabataan)



Pangangalagang Legal



Pagkaka-institusyonal/Pagpapa-ospital



Sistema para sa kabutihan ng Bata

Ang Integrated Plan ay sumasaklaw sa loob ng tatlong (3) taon at kinakailangang maglamang ng mga tiyak na impormasyon, tulad ng mga sumusunod:

- Mga programa at serbisyong popondohan ng mga lalawigan
- Mga pinagmumulan ng pondong gagamitin
- Demograpiya ng lalawigan
- Mga pangangailangan ng komunidad sa behavioral health
- Mga layunin at tunguhin ng plano
- Impormasyon tungkol sa mga pampublikong konsultasyon na isinagawa ng lalawigan
- Mga pamantayan kung paano susukatin ng lalawigan ang tagumpay ng mga programa

Ang pagbuo ng Integrated Plan ay maaaring umabot ng ilang buwan at binubuo ng maraming hakbang na proseso. Ang kabuuang prosesong ito ay tinatawag na Community Planning Process, o CPP.

**MAS MALALIM NA
PAGTINGIN**


Ang CPP ay hindi idinisenyo upang pahirapan ang mga lalawigan sa pagkuha ng pondo. Isinasagawa ito upang matiyak na ang mga pondong inilaan ay ginagamit upang makatulong sa mga taong may pinakamalaking pangangailangan. Layunin din nitong matiyak na ang mga miyembro ng komunidad — lalo na ang mga taong may Serious Mental Illness o Substance Use Disorder — ay magkakaroon ng pagkakataong maipahayag ang kanilang opinyon.

Ang Batas

Kinakailangang gumawa ang mga lalawigan ng Integrated Plan at sundin ang Community Planning Process ayon sa Behavioral Health Services Act (BHSA). Kailangang maisagawa ng mga lalawigan ang dalawang ito upang makatanggap ng pondo para sa mga serbisyong mental health at substance use disorder (SUD) sa komunidad.

Ang BHSA ay pinopondohan sa pamamagitan ng 1% na buwis sa personal na kita na lampas sa \$1 milyon sa California. Nangangahulugan ito na ang mga may mas mataas na kita ay nag-aambag nang mas malaki upang suportahan ang mga serbisyong behavioral health ng komunidad.

Unang ipinasa ang batas noong 2004 bilang Mental Health Services Act (MHSA). Noong 2024, ito ay inupdate at pinalawak upang maging BHSA.



MAS MALALIM NA PAGTINGIN

Ilan sa mga pagbabagong ipinakilala sa BHSA ay ang mga sumusunod:

- Mas malaking pagtuon sa mga taong may pinakamataas na pangangailangan
- Pinalakas na pagtugon sa paggamot ng substance use disorder
- Isinama ang pabahay bilang mahalagang bahagi ng pangangalaga
- Kinakailangang magkaroon ang mga lalawigan ng iisang plano para sa paggamit ng lahat ng pondo para sa behavioral health
- Kailangang subaybayan ng mga lalawigan ang mga resulta, iulat ang paggasta, at ibahagi ang progreso sa publiko bawat taon
- Hindi na kinakailangang magsagawa ng buong Community Planning Process kapag nag-a-update ng Integrated Plan taun-taon; kinakailangan lamang na ilathala ang annual update sa loob ng 30 araw, ngunit hindi na kailangang ulitin ang buong CPP

Ang BHSa ay nagbibigay ng pondo sa mga lalawigan sa California upang suportahan ang iba't ibang programa, serbisyo, at tulong sa larangan ng behavioral health kasama ang mga sumusunod.



Outreach at pakikipag-ugnayan

Pagkilala, pag-abot, at pagkonekta sa mga indibidwal na nangangailangan ng suporta sa kalusugang pang-isipan o pag-uugali upang matulungan silang makakuha ng angkop na serbisyo.



Maagang interbensyon (Indicated Prevention)

Pagbibigay ng suporta sa mga indibidwal na maaaring nasa panganib o nagpapakita ng maagang palatandaan ng Substance Use Disorder (SUD) o iba pang suliranin sa mental health, upang maiwasan ang paglala ng kondisyon.



Full Service Partnerships (FSPs)

Pagbibigay ng komprehensibong pangangalaga, kabilang ang outpatient mental health at SUD treatment, para sa mga indibidwal na may pinakamalubhang pangangailangan sa behavioral health, at pagpapanatili ng tuluy-tuloy na suporta sa kanila.



Mga interbensyon sa pabahay

Pagbibigay ng tulong sa upa, mga serbisyong transisyonal, at access sa supportive o recovery housing para sa mga indibidwal na may pinakamataas na pangangailangan sa behavioral health.



Edukasyon at pagsasanay ng manggagawa

Pagsasanay, pagpapaunlad, at recruitment ng mga propesyonal na magbibigay ng mga serbisyong behavioral health sa komunidad.



Mga capital facility at teknolohiya

Pagpapaunlad, pagtatayo, o pagpapahusay ng mga gusali, sistema, at teknolohiyang ginagamit sa paghahatid ng pangangalaga.



Mga makabagong pilot program at proyekto sa behavioral health

Pagsusuri at pagsubok ng mga bagong paraan upang mapabuti ang paghahatid ng serbisyong behavioral health.

Pakikilahok ng Komunidad — Ito ay Kailangan

Ang BHSA ay naglalaman ng mga patakaran na dapat sundin ng mga county sa panahon ng Community Planning Process. Isa sa mga dahilan ng mga patakarang ito ay upang matiyak na ang mga opisyal ng county ay nakikinig sa mga taong kanilang pinaglilingkuran.

Kabilang sa mga patakarang ito ang:

1 Makinig sa Komunidad

Kapag ang mga county ay bumubuo ng kanilang Integrated Plans, kinakailangan nilang makinig sa mga miyembro ng komunidad, kabilang ang mga provider, paaralan, lokal na organisasyon, at lalo na ang mga taong tumatanggap ng serbisyo. Dapat makinig ang county sa komunidad sa iba't ibang paraan, tulad ng mga pagpupulong, focus groups, at mga survey.

2 Isaalang-alang ang kultura at wika

Dapat tiyakin ng mga county na ang mga programa ay “culturally responsive” at “language-accessible.” Ibig sabihin nito na ang mga serbisyo ay dapat gumalang sa iyong kultura, maibigay sa iyong gustong wika, at tumugon sa mga pangangailangan ng iyong komunidad.

3 Maabot ang mga taong nakararanas ng mga hadlang

Dapat maabot ng mga programa ang mga taong madalas makararanas ng mga hadlang dahil sa lahi, kultura, wika, kasarian, identidad, edad, kita, o iba pang karanasan sa buhay.

4 Makipag-partner sa mga organisasyon

Dapat ding makipag-partner ang mga county sa iba't ibang uri ng organisasyon, kabilang ang community-based organizations (CBOs). Ang mga organisasyong ito ay nakikipagtulungan na sa mga lokal na cultural groups na may matibay na ugnayan at malalim na kaalaman tungkol sa komunidad.

5 Suriin ang Data

Dapat gamitin ng mga county ang lokal na data upang matukoy kung ano ang epektibo at kung ano ang maaaring kulang. Kasama sa data ang mga bagay tulad ng bilang ng mga taong gumagamit ng serbisyo at kung epektibo ang mga ito para sa iba't ibang grupo.

6 Ibahagi sa publiko ang plano

Ang draft na plano ay ibinabahagi sa komunidad para sa 30-araw na public comment period. Nagbibigay ito ng pagkakataon sa sinuman na magpahayag kung ano ang sa tingin nila ay dapat idagdag o baguhin.

MAS MALALIM NA PAGTINGIN

Community-Defined Evidence Practices (CDEPs)

Hinihikayat ang mga lalawigan na isaalang-alang ang Community-Defined Evidence Practices (CDEPs) sa kanilang pagpapalano. Ang CDEPs ay mga serbisyong binuo ng komunidad para sa komunidad. Ang mga programang ito ay nakabatay sa mga tradisyon sa kultura, ibinahaging karanasan, at mga pamamaraang napatunayang epektibo sa paglipas ng panahon sa loob ng isang partikular na grupo.

Kinikilala ang CDEPs bilang epektibong paraan ng serbisyo ng komunidad. Mahalaga ang mga ito lalo na sa pagtugon sa pangangailangan ng mga grupong maaaring kulang sa serbisyo. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang mga sumusunod:

- Drum Assisted Recovery Therapy para sa mga Katutubong Amerikano
- Convivencia, isang programang nagtataguyod ng koneksyon sa komunidad at kagalingan sa pamamagitan ng mga pagtitipon at aktibidad na nakaugat sa kultura.
- Zoosiab Program, isang programang tumutugon sa pangangailangan sa kalusugang pang-isipan ng mga nakatatandang Hmong sa paraang iginagalang ang kanilang kultura at tradisyon

Mga Paraan ng Pakikilahok ng Komunidad

Maraming pagkakataon ang mga county upang makipag-ugnayan sa komunidad. Mayroon din silang iba't ibang paraan upang makinig sa mga sinasabi ng mga miyembro. Kabilang dito ang:

- Pampublikong komento at pagdinig tungkol sa mga draft at update ng Integrated Plan
- Mga Focus groups
- Mga Surbey
- Mga Key informant interviews
- Mga conference call
- Mga pagpupulong ng advisory ng kliyente
- Mga pagpupulong ng grupo ng mga mamimili at pamilya
- Mga sesyon ng pakikinig
- Pakikipag-ugnayan sa mga eksperto sa isang partikular na larangan
- mga pulong sa bulwagan ng bayan
- Mga video conference
- Mga anunsyo sa media
- Tinatarget na pag-abot sa komunidad
- Mga workgroup at komite ng stakeholder
- Pagsasanay, edukasyon, at outreach kaugnay ng pagpapalano ng komunidad
- Iba pang mga estratehiyang nagpapakita ng makabuluhang partnership sa mga

Saan Nagmumula ang Pondo?

Ang BHSa ay hindi lamang ang pinagkukunan ng pondo ng county para sa behavioral health services. Ngunit ayon sa batas, dapat ipaliwanag ng mga county kung saan magmumula ang lahat ng pondong plano nilang gamitin.

Mga Pinagmumulan ng Pondo

Narito ang mga pinagmumulan ng pondo ng isang lalawigan at kung saan maaaring gamitin ang mga ito:

Source ng Pondo	Pinagmulan	Saklaw ng Gamit
BHSA	Buwis ng estado sa mga indibidwal na may mataas na kita (“millionaires tax”) sa California	Mga serbisyong behavioral health at suporta para sa mga indibidwal na may Serious Mental Illness (SMI), Serious Emotional Disturbance (SED), at/o Substance Use Disorder (SUD).
Medi-Cal	Pederal, estado, at lokal na pondo (kabilang ang realignment funding) ¹	Mga serbisyong behavioral health para sa mga kwalipikadong indibidwal na nakakatugon sa kinakailangang pamantayang medikal ng Medi-Cal. Limitado ang saklaw sa mga serbisyong itinatakda ng pederal na pamantayan ng pangangailangang medikal.
Karagdagang pondo ng lalawigan	Pangkalahatang pondo ng lalawigan, mga grant ² mula sa Substance Abuse and Mental Health Services Administration, pondo mula sa opioid settlement ³ , realignment funds ⁴ , at iba pa	Nagbibigay ng karagdagang pondo upang matugunan ang mga kakulangang pang-serbisyo.



Ang Community Planning Process ay nagbibigay-daan sa inyong pakikilahok. Ang inyong mga feedback ay nakatutulong sa pagpapasya kung anong mga serbisyo ang popondohan ng lalawigan at kung paano huhubog ang mga programa.

1. Ang pondo ng estado ay ibinibigay sa mga lalawigan upang maghatid ng mga lokal na serbisyong behavioral health.
2. Ang Pederal na pondo mula sa Substance Abuse and Mental Health Services Administration upang suportahan ang mga programang pang-behavioral health.
3. Mga mapagkukunan mula sa mga legal na kasunduan sa buong estado laban sa mga tagagawa at distributor ng opioid, na nakalaan para sa prevention, treatment, at recovery
4. Pinagmumulan ng pondo na itinatag noong 1991 nang ilipat ng lehislatura ang ilang programa sa kalusugan at serbisyong panlipunan mula sa estado patungo sa mga lalawigan

Mga Kinakailangan sa Pondo ng BHSA

Ang BHSA ay nagtatakda ng mga patakaran kung paano makakakuha at magagamit ng mga lalawigan ang pondo. Layunin ng mga patakarang ito na matiyak ang patas na pagbabahagi ng pondo at mabigyan ng pagkakataon ang mga taong nangangailangan ng serbisyong behavioral health na makapagpahayag ng kanilang pangangailangan sa paggamit nito sa California.

Ang pondo ay dapat gamitin para sa mga may pinakamataas na pangangailangan

Ang mga serbisyong behavioral health ng lalawigan ay sumusuporta sa mga tao sa lahat ng edad, kabilang ang mga walang segurong pangkalusugan, gumagamit ng Medi-Cal, o may pribadong insurance. Gayunpaman, ang pondo ng BHSA ay dapat gamitin upang suportahan ang mga priority populations na itinatakda ng batas.

Nagsisimula ang pagpopondo sa Medi-Cal

Inaasahan na bibigyan ng prayoridad ng mga lalawigan ang paggamit ng Medi-Cal funding para sa mga serbisyong saklaw nito. Ang pondo mula sa BHSA ay ginagamit upang punan ang mga kakulangan sa serbisyo — lalo na sa mga behavioral health at community support services na hindi saklaw ng Medi-Cal o ng mga pribadong insurance plan.

Saklaw ng pondo ang specialty behavioral health care


Nakatuon ang mga programang behavioral health ng lalawigan sa specialty behavioral health care, na karaniwang nagbibigay ng mas pangmatagalang suporta sa mga taong may mas seryosong pangangailangan sa kalusugang pang-isipan o pag-uugali.

Ang mga indibidwal na nangangailangan ng pangunahing o panandaliang mental health o substance use care — na tinatawag ding non-specialty behavioral health care — ay maaaring magsimula sa kanilang managed care plan, tulad ng Medi-Cal o pribadong insurance. Maaari rin silang maghanap ng mga programang pang-prevention sa behavioral health na iniaalok ng California Department of Public Health (CDPH).

Dapat Gamitin ang Pondo para sa mga Tiyak na Serbisyo

Ang pondo ng BHSa ay dapat ilaan sa mga partikular na uri ng serbisyo. Ipinapakita sa ibaba kung paano hinahati ang BHSa funds sa pagitan ng mga lalawigan at ng estado sa California. Karamihan sa pondo (90%) ay direktang napupunta sa mga lalawigan upang suportahan ang Full Service Partnerships, Mga Serbisyo at Suporta sa Behavioral Health, at Mga Intervention sa Pabahay.

PANGKALAHATANG PAGHAHATI NG BHSa PONDO SA LALAWIGAN AT ESTADO



Karagdagang Impormasyon sa Mga Programa at Serbisyonng Dapat Suportahan ng BHSa Pondo:

35% — Full Service Partnerships (FSP)

Ang mga programang ito ay nagbibigay ng komprehensibong suporta sa mga indibidwal na may pinakamalubhang hamon sa kalusugang pang-isipan o pag-uugali. Hindi lamang paggamot ang saklaw nito kundi pati tulong sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kabilang dito ang mga serbisyo sa paggamot para sa Substance Use Disorder (SUD) at mga serbisyonng suporta sa komunidad.

Mga halimbawa:

- Pangkat na tumutulong sa paghahanap ng tirahan, pagkain, at transportasyon
- Case manager na regular na kumokontak sa indibidwal at nag-uugnay sa kanila sa pangangalagang medikal, psychosocial rehabilitation, at mga serbisyonng panlipunan

35% — Behavioral Health Services and Supports (BHSS)

Ang pondong ito ay ginagamit para sa malawak na hanay ng serbisyo, mula sa pagtulong sa mga taong maaaring nasa panganib na magkaroon ng kondisyon sa kalusugang pang-ugali hanggang sa pagsuporta sa kanilang patuloy na paggaling. Kabilang dito ang early intervention services, edukasyon at pagsasanay para sa workforce/sta, edukasyon at pagsasanay para sa pamilya, edukasyon at pagsasanay para sa kliyente, mga pasilidad⁵, teknolohiya, at pagsubok ng mga bagong pananaliksik/proyekto.

Hindi bababa sa 51% ng BHSS funds ay dapat ilaan sa Early Intervention programs. Hindi bababa sa 51% ng mga pondong nakalaan sa Early Intervention ay dapat magsilbi sa kabataan at young adults (edad 25 pababa).

Mga halimbawa:

- Mga educational materials upang matulungan ang mga indibidwal na maunawaan ang isang bagong diagnosis.
- Pagtatayo ng isang bagong pasilidad para sa pangangalaga.
- Mga serbisyo upang tugunan ang unang episode ng psychosis ng isang tao.

5. Kasama sa saklaw ng pagpapaunlad ng pasilidad ang pagkuha, pagpapaunlad, o pagsasaayos ng mga gusali, pati pagbili ng lupa bilang paghahanda sa pagtatayo o pagpapaunlad ng gusali.

30% — Mga Interbensyon sa Pabahay

Ang mga pondong ito ay tumutulong sa mga taong may behavioral health needs na makahanap at mapanatili ang ligtas at matatag na tirahan. Kabilang dito ang rental at operating subsidies, shared at family housing, kapital, at ang non-federal share para sa ilang transitional rent.

Hindi bababa sa 50% ng housing funds ay dapat sumuporta sa mga taong chronically homeless, ibig sabihin ay matagal nang walang tirahan. Hindi hihigit sa 25% ng housing funds ang maaaring gamitin para sa pagbili o pagpapaunlad ng mga pasilidad.

Mga Halibawa:

- Rental assistance o pabahay na may on-site support staff.
- Mga outreach team na tumutulong sa mga tao na lumipat mula sa mga encampment patungo sa pabahay.
- Maliit na housing projects o mga renovation.



Sama-sama, binubuo nila ang pundasyon ng behavioral health services ng California na pinopondohan ng BHSA.

**MAS MALALIM NA
PAGTINGIN****Paano Maaaring Gamitin ang Pondo upang
Suportahan Ka at ang Iyong Komunidad**

Inirerekomenda ng BHSA na gamitin ng mga county ang pondo upang suportahan ang CDEPs at ang pakikilahok ng komunidad sa Community Planning Process. Narito ang ilang detalye at kung ano ang maaari mong ipanawagan:

CDEPS

Maaaring gamitin ang BHSS at FSP funds upang suportahan ang CDEPs. Ibig sabihin nito ay maaari kang magsulong na ang pondo ay mapunta sa mga programang pinapatakbo ng komunidad at mga gawain na sumasalamin sa iyong kultura, pagpapahalaga, o lived experience. Ito ay lalong mahalaga para sa mga grupong madalas na hindi napapansin sa tradisyunal na mga serbisyo.

PAKIKILAHOK NG KOMUNIDAD

Maaaring gumamit ang mga county ng hanggang 5% ng kanilang taunang behavioral health funds upang suportahan ang pakikilahok ng komunidad sa pagpapalano.

Makatutulong ang pondong ito upang masakop ang mga gastusin upang ang mga taong may lived experience, mga miyembro ng pamilya, at iba pang boses ng komunidad ay makalahok sa mga pagpupulong at aktibidad sa pagpapalano. Maaaring gamitin ang pondo para sa mga bagay tulad ng:

- Mga laptop at iba pang device
- Mga serbisyong translation/interpretation
- Paglalakbay at transportasyon
- Pangangalaga sa bata
- Pangangalaga sa matatanda
- Pagsasanay at technical assistance
- Mga stipend (pera) para sa iyong oras o paglalakbay
- Mga peer o family navigator na maaaring gumabay sa iyo at tumulong upang maging komportable ka

Sino ang Maaaring Makibahagi sa Community Planning Process?

Ang sinumang miyembro ng komunidad ay may karapatang makilahok sa Community Planning Process alinsunod sa patakaran ng Behavioral Health Services Act sa California. Hindi maaaring bumuo ang mga lalawigan ng kanilang Integrated Plan nang walang konsultasyon sa publiko. Ayon sa batas, kinakailangang magbigay ang mga lalawigan ng maraming pagkakataon para sa komunidad na maipahayag ang kanilang mga pangangailangan at magsagawa ng adbokasiya para sa mga serbisyong nais nilang makita

Mga Dapat Pakinggan ng Mga Lalawigan

Kinakailangan ng mga lalawigan na makinig sa komunidad sa panahon ng Community Planning Process. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, ang mga sumusunod na grupo:

MGA MIYEMBRO NG KOMUNIDAD

- Mga indibidwal na maaaring maging kwalipikado para sa mga serbisyong behavioral health ng lalawigan, kabilang ang mga kabataan, nasa hustong gulang, at nakatatanda na may personal na karanasan sa bagay na ito
- Mga pamilya at kaibigan ng mga indibidwal na tumatanggap o maaaring tumanggap ng serbisyong behavioral health

MGA KINATAWAN NG IBA'T IBANG PANANAW

- Mga kinatawan ng mga komunidad na matagal nang nakararanas ng marginalization
- Mga organisasyong nakatuon sa pagtulong sa mga grupong kulang sa serbisyo, kabilang ang mga komunidad na may pagkakaiba sa lahi at etnisidad
- Mga beterano
- Mga miyembro ng LGBTQIA+ community organizations
- Mga biktima ng karahasan sa tahanan o pang-aabusong sekswal
- Mga indibidwal na may karanasan sa kawalan ng matatag na tirahan o homelessness

MGA INSURER

- Mga insurer ng may kapansanan
- Mga plano sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga managed care plan (MCPs)



MGA ORGANISASYON

- Mga community-based organization na nagsisilbi sa mga komunidad na may iba't ibang kultura at wika para sa substance use disorders (SUD)/serious mental illness (SMI)/serious emotional disturbance (SED)
- Mga lokal na public health organization
- Mga health care organization, kabilang ang mga ospital
- Mga organisasyon para sa maagang pagkabata
- Mga organisasyon ng kabataan
- Mga serbisyong panlipunan ng county at mga ahensya ng kapakanan ng bata
- Mga organisasyon ng beterano
- Mga organisasyon ng manggagawa
- Mga regional center
- Mga lokal na ahensya ng edukasyon
- Mga partner sa higher education
- Mga kasapi sa pampublikong kaligtasan, kabilang ang mga ahensya ng lalawigan hustisyang pambata



IBA PANG SERVICE PROVIDERS

- Mga nagbibigay ng serbisyo sa kalusugang pangkaisipan at mga serbisyo sa paggamot ng substance use disorder(SUD)
- Mga emergency medical services
- Mga Pagpapatuloy ng pangangalaga
- Mga kinatawan mula sa mga homeless service provider
- Mga independent living center
- Mga Tribal at Indian Health Program
- Mga ahensya para sa nakatatanda

Bakit

Mahalaga ang Pakikilahok sa Planning Process?

Maraming tao ang nakaranas ng pagkadismaya sa mga sistema na maaaring nakalilito, kulang sa pondo, o mahirap maabot. Layunin ng Behavioral Health Services Act (BHSA) na baguhin ito sa pamamagitan ng pagturing sa inyong boses bilang mahalagang bahagi ng proseso. Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng inyong karanasan, natutulungan ninyo ang mga pinuno ng lalawigan na maunawaan kung ano ang kailangan ng komunidad, kung ano ang kulang, at kung paano makabubuo ng sistema na tunay na sumusuporta sa lahat.

6 na Dahilan Kung Bakit Mahalaga ang Iyong Pakikilahok

1

Ito ay nakasaad sa batas — at ito ay iyong karapatan.

Inaatasan ng BHSA ang mga county na isama ang mga miyembro ng komunidad sa pagpapalawak. Ibig sabihin, ikaw, ang iyong pamilya, at iba pang may karanasan sa mga bagay na nakapaloob dito ay dapat maging bahagi ng talakayan. Hindi ka iniimbitahan bilang pabor — iniimbitahan kang makilahok dahil ito ay iyong karapatan.

2

May kapangyarihan ang iyong kuwento.

Kailangang maunawaan ng mga taong bumubuo ng behavioral health programs kung ano ang iyong karanasan sa buhay — kung ano ang epektibo, kung ano ang hindi, at kung ano ang makatutulong upang ito ay mapabuti.

Maipapakita ng data ang mga numero, ngunit ikaw lamang ang makapagpapaliwanag kung ano ang kahulugan ng mga numerong iyon. Bawat kuwento ay nagdaragdag ng isa pang bahagi sa kabuuang larawan kung ano ang tunay na hitsura ng recovery at lakas ng komunidad.

3

Ang iyong ibinabahagi ay tumutulong humubog ng mga tunay na desisyon.

Ang mga ideya at alalahaning ibinabahagi sa Community Planning Process ay tumutulong gabayan kung saan gagastusin ng mga county ang kanilang pondo — tulad ng:

- Pagpapalawak ng mental health at/o substance use services
- Pagpopondo sa pabahay at outreach
- Pagsuporta sa maagang tulong, kabilang ang mga programang pang-kabataan

Maaaring hindi agad mangyari ang mga pagbabago, ngunit ang iyong input ay maaaring makaapekto sa mga susunod na pagbabago.

4 Nagbabago ang sistema — at bahagi ka ng pagbabagong iyon

Ang behavioral health system ng California ay hindi palaging gumagana para sa lahat. Maraming tao ang nakaramdam na hindi napapansin o naiiwan, ngunit nagbabago ang kultura. Inaatasan ang mga county na makinig muna at bumuo ng mga solusyon kasama ang mga taong pinakaapektado ng behavioral health challenges. Kapag ikaw ay nakilahok, tumutulong kang matiyak na magpapatuloy ang pagbabagong ito — mula sa sistemang nagsasalita tungkol sa mga tao tungo sa sistemang nakikinig sa kanila.

5 Ang Advocacy ay nangangailangan ng panahon — ngunit bawat boses ay nagdadala sa atin pasulong.

Maaaring hindi mo agad makita ang epekto ng iyong pakikilahok. Hindi ibig sabihin nito na ikaw ay hindi pinapansin. Ang adbokasiya ay hindi isang beses lamang na gawain. Ito ay pangmatagalang pagsisikap na lalong lumalakas sa bawat boses. Bawat pagpupulong, bawat komento, at bawat kuwento ay nagkakaroon ng ambag.

6 Ikaw ay bahagi ng isang mahalagang komunidad.


Mahalaga ang bawat boses — ngunit ang maraming boses na magkakasama ang lumilikha ng tunay na pagbabago. Kapag ikaw ay nakibahagi, sumasali ka sa lumalaking komunidad ng mga pamilya, peers, advocates, at organisasyon na may iisang layunin: isang mas mabuti at mas makatarungang behavioral health system. Sa sama-samang pagsasalita, nagiging mas mahirap balewalain ang iyong boses.

Kailan Isinasagawa ang Community Planning Process?

Tuwing tatlong taon, ina-update ng mga county ang kanilang BHSA Integrated Plans. Bawat county ay nagtatakda ng sarili nitong iskedyul. Karamihan ay sumusunod sa state fiscal year (na tumatakbo mula Hulyo 1 hanggang Hunyo 30) sa halip na calendar year (Enero 1 hanggang Disyembre 31). Nagsisimula ang bagong fiscal year tuwing tag-init, at ang mga pampublikong aktibidad sa pagpapalano — tulad ng mga pagpupulong at listening sessions — ay karaniwang nagsisimula sa taglagas.

Linya ng Panahon ng Integrated Plan

Kahit magkakaiba ang timeline ng mga county, lahat sila ay sumusunod sa iisang proseso at magkahalintulad na iskedyul na may kasamang pampublikong pakikilahok.



Paalala: Inaatasan ng batas ang mga county na bigyan ang publiko ng 30 araw upang magbigay ng komento sa plano.

Pagkatapos Maaprubahan ang Plano

Susuriin ng estado sa panahon ng tag-init ang Integrated Plan at maaaring aprubahan ito o makipagtulungan sa mga lalawigan upang matugunan ang mga natukoy na isyu. Kapag naaprubahan na ang plano, kinakailangang gawin ng mga lalawigan ang mga sumusunod:



Isakatuparan ang pagpapatupad ng plano



Mangolekta ng data at mag-ulat ng mga resulta



Ilathala sa kanilang website ang anumang pagbabago sa loob ng 30 araw bago ipatupad ang mga ito



Bigyan ng pagkakataon ang komunidad na magbigay ng komento sa mga pagbabago sa loob ng 30-araw na comment period

Paghahanap ng Impormasyon Tungkol sa Timeline ng Inyong Lalawigan

Ang bawat lalawigan sa California ay may bahagyang magkakaibang pagpapatupad ng CPP. Ang pag-alam sa iskedyul ng CPP ng inyong lalawigan ang unang hakbang upang makilahok.

Ito ang mga gabay kung paano makapagsimula

Maghanap Online

Hanapin ang “[Pangalan ng Inyong Lalawigan] Behavioral Health” upang makita ang opisyal na website ng lalawigan. Tumingin sa mga pahinang may label na Community Planning, Behavioral Health Board, o Public Meetings.

Makipag-ugnayan sa County Behavioral Health Department.

Ang mga staff ng County Behavioral Health Department ay maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa iskedyul ng pagpupulong, paraan ng pagbibigay ng feedback, o pag-access sa mga nakaraang plano at ulat.

- Impormasyon sa County Mental Health Plan: mga numero ng telepono ayon sa lalawigan
- Mga Administrator ng County Substance Use Disorder Program: impormasyon sa pakikipag-ugnayan ayon sa lalawigan

Makipag-ugnayan sa Board of Supervisors.

Ang Board of Supervisors ang nag-aaprubang mga plano ng lalawigan at maaaring makatulong na iugnay kayo sa mga lokal na planning team o advisory group.

Makipag-ugnayan sa Behavioral Health Board.

Humiling na maisama sa kanilang mailing list upang makatanggap ng mga abiso tungkol sa mga pagpupulong, pagdinig, at draft na plano mula sa Behavioral Health Board.

Maaari ninyong makita ang mga link ng Behavioral Health Department ng bawat lalawigan at iba pang mapagkakatiwalaang sanggunian sa seksyong Resources ng gabay na ito, simula sa [pahina 62](#)

Paano Ako Makikilahok?

Maraming paraan upang makilahok sa BHSA Community Planning Process ng iyong county, mula sa pakikinig at pagkatuto hanggang sa pagbabahagi ng iyong kuwento o pagtulong sa paglikha ng mga bagong programa. May ilang tao na dumadalo sa mga pagpupulong upang manatiling may kaalaman. Ang iba naman ay nagbabahagi ng karanasan na tumutulong sa mga lider ng county na maunawaan ang tunay na pangangailangan. At ang ilan ay nananatiling aktibong kasali, sumasali sa mga community group o advisory board at madalas na nagsasalita sa mga pagpupulong.

Maaari Kang Makilahok sa Anumang Antas

Nais mo mang manatiling may kaalaman, magbahagi ng iyong kuwento, o gumanap ng papel sa pamumuno, mahalaga ang bawat antas ng pakikilahok. Hindi mo kailangang maging eksperto — ang iyong interes at lived experience ang pinakamahalaga. Sama-sama, ang bawat boses ay tumutulong humubog ng mas matatag na behavioral health system sa iyong komunidad.

Narito ang ilang paraan upang makapagsimula:

Manatiling may kaalaman.

Sundan ang webpage ng Behavioral Health Department ng iyong county o mag-sign up para sa mga update tungkol sa mga pagpupulong at timeline ng pagpapalano. Maaari mo ring tingnan ang website ng DHCS para sa Behavioral Health Outcomes, Accountability, and Transparency Report (BHOATR) ng iyong county. Ang BHOATR ay isang taunang ulat na nagpapakita kung gaano kaepektibo ang Integrated Plan.

Dumalo sa isang pagpupulong o listening session.

Bukas ang mga ito para sa lahat. Maaari kang makinig o magbahagi ng iyong mga ideya tungkol sa mga kinakailangan.

Makipag-ugnayan sa mga advocate.

Ang mga community-based organization at peer group ay makakatulong sa iyo na maghanda, magbahagi ng iyong kuwento, o sumulat ng public comments. Upang makahanap ng mga lokal na grupo, tingnan ang website ng behavioral health department ng iyong county (karaniwan sa ilalim ng “Get involved” o “Community meetings”) o maghanap ng mga lokal na mental health at substance use o peer support organization sa iyong lugar.

Ibahagi ang iyong kuwento at/o mga ideya sa panahon ng public comment period.

Dapat maglaan ang mga county ng hindi bababa sa 30 araw para sa public review kapag inilabas ang draft BHS Integrated Plans.

Mag-apply upang makapaglingkod.

Mag-apply upang makapaglingkod sa isang lokal na Behavioral Health Advisory Board (BHAB) o Community Planning Team (CPT). Karamihan sa mga county ay tumatanggap ng mga volunteer mula sa komunidad.

Maaari Kang Makilahok sa Anumang Yugto

Kinokolekta ng mga lalawigan ang input ng komunidad sa buong taon. Narito ang mga paraan ng iyong pakikilahok sa bawat isa sa limang yugto ng proseso:

1. Pakikinig at Pag-aaral

Nagsasagawa ang mga lalawigan ng mga pagpupulong ng komunidad, focus group discussion, o survey upang matukoy ang mga pangangailangan ng komunidad.

Paano ka makikibahagi:

Dumalo sa mga pagpupulong o community forum. Ibahagi ang iyong kuwento, karanasan, at mga ideya.

2. Pagbuo ng Draft ng BHSA Integrated Plan

Isinusulat ng lalawigan ang draft na BHSA Integrated Plan na naglalarawan kung paano gagamitin ang pondo.

Paano ka makikibahagi:

Suriin ang draft kung ito ay available. Alamin kung ang mga pangangailangan na iyong ibinahagi ay naisama. Magbigay ng feedback sa pamamagitan ng Behavioral Health Board o advisory council ng inyong lalawigan.

3. Pampublikong Review at Komento

Mayroong 30-araw na public comment period at lokal na pagdinig ng behavioral health board ang mga lalawigan bago isumite ang draft na BHSA Integrated Plan sa estado.

Paano ka makikibahagi:

Basahin ang draft na BHSA Integrated Plan online o humiling ng kopya. Magpasa ng nakasulat na komento o dumalo sa pagdinig ng local behavioral health board upang direktang makapagsalita. Maaaring makita sa website ng county behavioral health department ang mga detalye kung paano makikilahok (kabilang ang petsa, oras, at lokasyon o virtual link).

4. Pag-apruba at Pag-uulat

Tinatapos at isinusumite ng mga lalawigan ang BHSA Integrated Plan sa estado.

Paano ka makikibahagi:

Dumalo sa pagpupulong ng Board of Supervisors ng inyong lalawigan at hikayatin ang iba na makilahok upang ipakita ang suporta ng komunidad.

5. Taunang Pagsusuri

Maaaring gumawa ng mga pagbabago ang mga lalawigan sa BHSA Integrated Plan. Kinakailangan nilang ilathala ang mga pagbabagong ito sa kanilang website sa loob ng 30 araw.

Paano ka makikibahagi:

Alamin ang mga pagbabagong nais gawin ng lalawigan. Kung nais magbahagi ng komento, dumalo sa pagpupulong ng Board of Supervisors o komisyon. Tinatanggap ang mga pampublikong komento kahit hindi nakalista sa agenda ang taunang pagsusuri

Ano ang Maaaring Asahan sa Mga Pagpupulong

Karamihan sa mga community planning meeting ng county ay bukas sa publiko. Ang county staff, service providers, advocates, at mga miyembro ng komunidad ay nagsasama-sama upang talakayin ang mga lokal na pangangailangan at programa sa behavioral health. May ilang pagpupulong na maliit at impormal, habang ang iba naman ay mas pormal at sumusunod sa nakatakdang agenda.

Maaari kang magtanong nang maaga tungkol sa:



Iskedyul at agenda ng pagpupulong



Kung ito ay face-to-face, online, o pareho



Gaano katagal ang ibibigay na oras upang magsalita sa public comment



Sino ang dadalo — kawani ng county, mga miyembro ng lupon, o mga kasosyo sa komunidad

Ang Layunin

Karamihan sa mga county planning meeting ay sumusunod sa magkahalintulad na Layunin:

1. Pagbati at pagpapakilala.

Binubuksan ng county staff o board members ang pagpupulong, ipinapaliwanag ang layunin, at nire-review ang agenda.

2. Mga update o ulat ng programa.

Nagbabahagi ang staff ng impormasyon tungkol sa kasalukuyang mga programa, paggasta, o progreso patungo sa mga layunin.

3. Mga presentasyon o paksa para sa talakayan.

Maaaring magpresenta ang county ng mga bagong plano, data, o panukala para sa feedback.

4. Public comment.

Ito ang bahagi kung saan maaaring magsalita ang mga miyembro ng komunidad — karaniwang dalawa hanggang tatlong minuto bawat isa.

5. Mga susunod na hakbang at pagtatapos.

Nagtatapos ang pagpupulong sa mga paalala tungkol sa mga susunod na sesyon o kung paano magsumite ng nakasulat na komento.

Kung plano mong magsalita, maaaring kailangan mong mag-sign in o punan ang maikling form bago magsimula ang public comment period. Nagtatala ang county sa bawat pagpupulong, at ang iyong input ay nagiging bahagi ng public record.

Normal lamang na makaramdam ng pag-aalinlangan sa simula. Maaari kang dumalo sa pagpupulong upang makinig muna bago magpasya na magsalita. Maraming tao ang gumagawa nito upang maunawaan kung paano gumagana ang proseso.

MAS MALALIM NA PAGTINGIN

Nakasaad ito sa batas

Inaatasan ang mga county na magbigay ng libreng language support upang makakuha ka ng impormasyon at makalahok sa wikang pinakakomportable ka.

At tandaan: Maaari ring gamitin ng mga lalawigan ang BHSF funds upang tulungan ang mga tao na makalahok, tulad ng pagtulong sa gastusin sa transportasyon o childcare.

Ang Iyong Unang Pagpupulong: 5 Bagay na Dapat Tandaan

- 1** **Tiyaking alam mong ikaw ay malugod na tinatanggap**
Karamihan sa mga pagpupulong ay bukas sa publiko at may nakalaan na oras para sa mga komento ng komunidad.
- 2** **Magsimula sa pakikinig. Hindi mo kailangang agad makilahok**
Maaari kang dumalo upang matuto muna kung paano gumagana ang proseso.
- 3** **Magplano nang Maaga**
Tingnan ang agenda, format ng pagpupulong (personal, online, o kombinasyon), at ang nakatakdang oras para sa pagsasalita.
- 4** **Humingi ng tulong kung kinakailangan.**
Ayon sa batas, kinakailangang magbigay ang mga lalawigan ng serbisyo sa pagsasalin o interpreter kapag hiniling. Maaari ring magbigay ng suporta tulad ng tulong sa transportasyon o pangangalaga sa bata upang matiyak ang pakikilahok ng lahat..
- 5** **Magtanong.**
Naroroon ang staff ng lalawigan upang tumulong sa pagpapalinaw ng proseso at gawing mas madaling ma-access ang impormasyon. Ang inyong mga katanungan ay nakatutulong din upang mas lalong maging malinaw ang proseso para sa lahat.

Kapag Handa Ka Nang Magsalita

Ang pagpili na magsalita sa pampublikong pagpupulong ay hindi para sa lahat. Gayunpaman, ang mga pahayag mula sa mga taong may personal na karanasan ay may malaking impluwensya sa mga desisyon ng mga opisyal ng lalawigan.

Kung nais mong magsalita sa pagpupulong, maaari mong isaalang-alang ang mga sumusunod na paksa:

- Mga serbisyo o suportang nakatulong sa iyo o sa iyong pamilya
- Mga paraan upang gawing mas nakakaengganyo, inklusibo, o tumutugon sa kultura ang mga serbisyo
- Mga programang kulang o mahirap ma-access
- Mga dahilan kung bakit dapat pondohan ang isang programa o serbisyo
- Mga hadlang na nagpapahirap sa mga tao na makakuha ng pangangalaga
- Suporta para sa iyo at sa iba pang kalahok sa proseso ng pagpapalano
- Mga ideya upang mapabuti ang outreach, pabahay, o mga programa
- Pagpopondo para sa CDEPs na sumusuporta sa grupong kinabibilangan mo o sa iba pang grupo sa komunidad

Maaari ka ring magtanong, magbahagi ng mga lokal na kuwento, o magmungkahi ng mga pagpapabuti sa mga programa o proseso.

MAS MALALIM NA PAGTINGIN

Kung hindi mo nais magsalita

Hindi kinakailangang magsalita sa pagpupulong upang makilahok. Kinakailangang tanggapin ng mga lalawigan ang nakasulat na public comment sa loob ng 30-araw na review period. Maaari kang mag-email sa iyong lalawigan, punan ang online form, o magsumite ng liham (tingnan ang pahina 53 ng toolkit na ito para sa template). Ang mga nakasulat na komento ay bahagi ng pampublikong rekord at sinusuri katulad ng mga pasalitang komento.

Mga Tip para sa Mabisang Pakikilahok

Hindi kinakailangang maging eksperto sa patakaran upang makapag-ambag ng pagbabago. Ang iyong personal na karanasan ay itinuturing na mahalagang kaalaman, at maaaring ikaw ang magsilbing “eksperto” sa silid ng pagpupulong. Maaaring mangailangan ng panahon upang maging komportable sa pagsasalita, at ito ay normal. Ang bawat pagpupulong ay pagkakataon upang mapalakas ang kumpiyansa sa pakikilahok.



Maghanda para sa Pagpupulong

Manood muna ng pagpupulong

Ang pakikinig muna bago magsalita ay nakatutulong upang maunawaan kung paano gumagana ang proseso.

Isulat ang nais mong sabihin.

Ang ilang tala o maikling script ay makatutulong upang manatiling nakatuon lalo na kung ikaw ay kabado.

Magpraktis nang malakas ang boses.

Ang pagsasabi ng iyong pahayag sa sarili o sa kaibigan ay nakatutulong upang mapalakas ang kumpiyansa sa tamang oras at tono ng pagsasalita.

Alamin ang limitasyon sa oras.

Karamihan sa mga pampublikong pagpupulong ay naglilimita ng public comment sa humigit-kumulang dalawang minuto bawat tao. Ang pakikinig sa ibang pahayag at pagsasanay ay makatutulong upang malaman kung gaano karami ang maaaring sabihin sa loob ng limitadong oras.

Mangolekta ng data.

Ang epektibong adbokasiya ay nagsisimula sa maayos na impormasyon. Nakakatulong ang data upang ipakita ang lawak ng isang isyu, matukoy ang mga kakulangan sa serbisyo, at malaman kung aling mga komunidad ang higit na apektado. Maaaring tulungan ng mga miyembro ng komunidad ang mga lalawigan na makita ang kabuuang larawan sa pamamagitan ng pangangalap ng mga numero (tulad ng data mula sa mga publicly available dashboard o survey) at mga kuwento. [Tingnan ang pahina 65 ng toolkit na ito para sa mga tip kung saan maaaring kumuha ng data.]



Bumuo ng support team

Magdala ng kasama.

Maaaring magbigay ng lakas ng loob ang kaibigan, kapwa miyembro, o kapamilya at tumulong sa pagkuha ng notes.

Humingi ng tulong kung ikaw ay kinakabahan.

Maaari mong hilingin sa isang taong pinagkakatiwalaan mo na ibahagi ang iyong kuwento o basahin ang iyong mga komento para sa iyo.

Mag-imbita ng pinagkakatiwalaang miyembro o lider ng komunidad.

Maaari nilang katawanin ang mga taong maaaring hindi komportable na dumalo o magsalita para sa kanilang sarili.



Magsalita batay sa sariling karanasan

Ibahagi ang iyong kuwento at iugnay ito sa karanasan ng iba.

Subukang gumamit ng mga pahayag tulad ng, “Maraming tao sa aking sitwasyon ang nakararanas ng...” o “Hindi lamang ako ang naapektuhan nito, kundi pati ang iba sa aking komunidad.”

Magpokus sa mga solusyon.

Ipaliwanag kung anong mga pagbabago ang makatutulong at kung paano ito makikinabang ang buong komunidad.

Gumamit ng magalang at malinaw na pananalita.

Mas magiging epektibo ang iyong mensahe kung ito ay madaling maunawaan. Magsalita nang malinaw at mahinahon, at iwasan ang slang.



Manatiling Aktibong Nakikilahok

Bumuo ng ugnayan.

Ang tiwala ay nabubuo sa paglipas ng panahon. Kaya mahalagang makilala ang staff ng lalawigan, mga miyembro ng board, at iba pang mga advocate.

Tandaan kung bakit ka naroroon.

Kailangang marinig ng mga pinuno ng lalawigan ang tuwirang boses ng mga taong gumagamit o nangangailangan ng mga serbisyong behavioral health.

Patuloy na dumalo at makilahok.

Sa bawat pagdalo, mas marami kang natututuhan, mas lumalakas ang iyong kumpiyansa, at mas nagiging matibay ang iyong boses sa pagpapahayag ng iyong pananaw.

Alamin Kung Paano Nakatulong ang Iyong Input

Kinakailangan ng mga lalawigan na ipakita kung paano ginamit ang feedback ng komunidad sa kanilang mga plano. Ang mga lalawigan ay magsusulat ng buod ng lahat ng pampublikong komento at magpapaliwanag kung ano ang mga binago dahil sa mga feedback na ito. Maaari mong basahin ang buod na ito upang makita kung paano nakatulong ang iyong boses sa paghubog ng final na plano. Karaniwang inilalathala ang buod kasama ng final BHSI Integrated Plan sa behavioral health department website ng lalawigan.



“Huwag kailanman pagdudahan na ang maliit na grupo ng mga mapanuri at dedikadong mamamayan ay maaaring magbago sa mundo; sa katunayan, ito lamang ang tanging paraan kung paano ito naganap.”

— Margaret Mead, cultural anthropologist

Kahalagahan ng Patuloy na Pakikilahok sa Paglipas ng Panahon

Ang advocacy ay hindi nangyayari nang minsanan lamang — nangangailangan ito ng panahon. Maaaring hindi agad makita ang pagbabago, ngunit ang pakikilahok ay maaaring mag-ambag sa mga pagbabagong mangyayari sa hinaharap. Bawat kuwentong ibinabahagi, bawat tanong na itinatanong, at bawat pagpupulong na dinadaluhan ay nakakatulong sa pagpapalakas ng mga programang behavioral health at pagpapabuti ng pangangalaga sa paglipas ng panahon.

Ang patuloy na pakikilahok ay hindi nangangahulugang kailangang gawin ang lahat ng gawain. Ito ay tungkol sa pagpili ng paraan ng pakikilahok na angkop para sa iyo habang patuloy na ibinabahagi ang iyong boses sa proseso. Mga paraan upang manatiling konektado:



Mag-follow up pagkatapos ng mga pagpupulong

Maaari mong tanungin ang iyong lalawigan kung paano ginamit ang iyong puna o kung kailan ang susunod na hakbang sa proseso.



Dumalo sa mga pagpupulong ng Behavioral Health Board

Karamihan sa mga board ay nagpupulong buwan-buwan at tumatanggap ng pampublikong input.



Subaybayan ang mga ulat ng lalawigan

Simula 2028, maglalathala ang mga lalawigan ng taunang Behavioral Health Outcomes, Accountability, and Transparency Report (BHOATR). Ipinapakita ng ulat na ito kung ano ang mga epektibong programa at kung saan kinakailangan ang pagpapabuti. Maaari mong gamitin ang impormasyong ito upang makita kung naaabot ng inyong county ang mga layunin nito at magsalita tungkol sa mga bagay na nangangailangan pa ng mas maraming pansin sa susunod na plano.



Sumali o suportahan ang mga lokal na advocacy group

Ang mga organisasyon ng komunidad at support group ay makatutulong sa iyo na manatiling updated at mapalakas ang iyong boses.



Maging mentor sa iba.

Kung nakilahok ka na minsan, tulungan naman ang iba sa susunod. Ang pagbabahagi ng iyong mga natutuhan ay nagpapalakas sa boses ng inyong komunidad.

Ang pagbabago ay kadalasang mabagal mangyari — ngunit ito ay nangyayari. Kapag patuloy kang nakikilahok, nakikipag-ugnayan sa iba, at nagsasalita batay sa karanasan, nagiging bahagi ka ng progreso na humuhubog sa mga susunod na hakbang.

Mga Kagamitan para sa Pakikilahok

Sa seksyong ito, makikita ninyo ang mga worksheet na makatutulong sa inyong paghahanda upang makilahok sa Community Planning Process ng BHSa.

Pagbuo ng Ideya sa Sasabihin (Brainstorming)

Ang pagbabahagi ng iyong kuwento sa isang pagpupulong sa pagpapalano ng komunidad ay isang makabuluhang paraan upang maiparinig ang iyong boses. Natural lamang na mag-isip kung ano ang dapat ibahagi o kung gaano karaming detalye ang kailangang isama. Makakatulong ang worksheet na ito upang maayos mong maorganisa ang iyong mga ideya at makapaghanda sa pagsasalita nang may kumpiyansa.

ANG SULIRANIN O ISYU

Ano ang dahilan kung bakit ka magsasalita? Ito ba ay tungkol sa isang serbisyo, suporta, o mapagkukunan na nais mong maisama sa plano? Mayroon bang kakulangan o pagbabagong makatutulong upang mas mapadali ang pagkuha ng tulong ng mga tao?

IYONG KARANASAN

Paano naipapakita ng iyong karanasan ang kalagayan ng iyong komunidad?

ANG SOLUSYON

Ano ang nais mong mangyari? Ano ang nais mong gawin ng lalawigan upang matugunan ang isyu?

Tip: Hindi kailangang ibahagi ang lahat upang magkaroon ng epekto. Kahit maikling kuwento o simpleng obserbasyon ay makatutulong sa pagpapabuti ng mga programa at serbisyo.

Mga Halimbawang Script sa Pakikilahok

Pagkatapos mong mapagpasyahan kung ano ang nais mong talakayin, maaari mong gamitin ang template na ito upang gumawa ng iyong script. Ang gabay na ito ay isang mungkahi lamang upang makatulong sa pagsisimula. Mainam na ayusin ang mga pahayag sa paraang pinakaangkop at komportable sa iyo.

Paalaala: Layunin na magsalita nang hindi lalampas sa dalawang (2) minuto.

1. IPAKILALA ANG SARILI

(Halimbawa: “Ang pangalan ko ay _____. Ako ay nakatira sa County _____. Narito ako dahil ang [ako/ang aking pamilya/ang aking komunidad] ay naapektuhan ng mga hamon sa kalusugang pang-isipan, paggamit ng substansiya, pabahay, o iba pang kaugnay na pangangailangan.”)

2. ILARAWAN ANG SULIRANIN O ISYU

(Halimbawa: “Sa aking palagay, dapat isama sa pagpopondo ang programang _____. Ang kailangan pa ay _____ dahil sa kasalukuyan, maraming tao ang nahihirapang makakuha o maka-access ng _____.”)

3. IBAHAGI ANG IYONG KARANASAN (30 SEGUNDO)

(Halimbawa: “Naranasan ko mismo ang epekto ng isyung ito dahil noong ako ay _____. Naramdaman ko na sana ay _____. Makakatulong sana kung _____.”)

4. MAGMUNGKAHI NG SOLUSYON

(Halimbawa: “Maaaring makatulong ang lalawigan sa pamamagitan ng _____. Sana ay maisama ang _____ sa susunod na plano upang mas mapabuti ang serbisyo para sa komunidad.”)

5. PANGWAKAS

(Halimbawa: “Maraming salamat sa pakikinig at sa pagbibigay halaga sa boses ng komunidad.”)

Worksheet para sa Pagsulat ng Pampublikong Komento

Gamitin ang worksheet na ito upang ihanda ang nais mong ibahagi sa nakasulat na anyo sa panahon ng 30-araw na public comment period ng BHSA Integrated Plan ng inyong lalawigan.

1. ANO ANG NAIS KONG KOMENTOHAN

Anong serbisyo, suporta, o isyu ang dapat malaman ng lalawigan?

2. BAKIT ITO MAHALAGA

Paano ito nakakaapekto sa iyo, sa iyong pamilya, o sa iyong komunidad?

3. ANO ANG INAASAHAN KONG GAWIN NG LALAWIGAN

Anong pagbabago, aksyon, o desisyon sa pagpopondo ang iyong hinihiling?

PAGSASAMA-SAMA NG LAHAT (PUTTING IT ALL TOGETHER)

Gamitin ang format na ito upang isumite ang inyong nakasulat na public comment sa pamamagitan ng email, online form, o liham.

Paksa: Publikong Komento sa Draft ng Integrated Plan

Hello, ang pangalan ko ay _____ . Ako ay nakatira sa County _____

Isinusulat ko ang komentong ito dahil _____

Mahalaga ito dahil _____

Umaasa ako na isasaalang-alang ng county ang _____

Maraming salamat sa pagbibigay halaga sa boses ng komunidad.

Pangalan: _____

Lungsod o ZIP code (opsyonal): _____

Email address o numero ng telepono (kung nais makatanggap ng tugon):

Paggamit ng Wika na Nirerespeto ang Lahat

Ang mga salitang ginagamit natin ay maaaring makaapekto sa mga taong nasa ating paligid. Maaari itong magparamdam ng pagtanggap, paggalang, at kaligtasan, o kaya’y maging sanhi ng pakiramdam ng pagkailang o pagkakalayo. Ang paggamit ng angkop na wika ay nakakatulong sa paggalang sa mga personal na karanasan ng tao at hinihikayat ang mas maraming makilahok sa Community Planning Process ng BHSA.

Hindi kailangang maging perpekto ang bawat salita. Ang mahalaga ay makipag-usap nang may malasakit at pag-unawa. Narito ang ilang gabay:

1. KILALANIN ANG TAO, HINDI ANG KONDISYON

Iwasan ang mga salitang tumutukoy sa tao batay lamang sa kondisyon o diagnosis — ang diagnosis ay hindi dapat gamiting pang-uri

SUBUKAN

- ✓ taong nabubuhay na may kinakaharap dahil sa mental health
- ✓ taong may Substance Use Disorder (SUD)
- ✓ ang kanyang pag-uugali ay maaaring hindi pangkaraniwan o mahirap maunawaan

IWASAN

- ✗ taong may sakit sa isip
- ✗ adik, alcoholic
- ✗ schizophrenic yan

2. GAMITIN ANG “NABUBUHAY NA MAY” O “NAKARARANAS NG,” HINDI “NAGHIHIRAP SA”

Hindi lahat ng tao ay itinuturing ang kanilang kalagayan bilang paghihirap. Marami ang nakokontrol ang kanilang kalusugan sa tulong ng suporta, serbisyo, at komunidad.

SUBUKAN

- ✓ nakararanas ng depresyon
- ✓ nabubuhay na may bipolar disorder

IWASAN

- ✗ naghihirap sa depresyon
- ✗ bipolar na tao

3. PUMILI NG MAGALANG NA MGA TERMINOLOHIYA PARA SA LUGAR AT PANGANGALAGA

Gumamit ng neutral at tumpak na paglalarawan sa mga setting ng paggamot.

SUBUKAN

- ✓ Psychiatric Hospital
- ✓ pasilidad ng paggamot o klinika

IWASAN

- ✗ Asylum

4. GUMAMIT NG SUPPORTIVE AT HINDI MAPANGHUSGANG WIKA TUNGKOL SA PAGPAPAKAMATAY

Ang mga pariralang ito ay nakakatulong upang maiwasan ang paninisi at stigma.

SUBUKAN

- ✓ namatay sa pagpapakamatay
- ✓ taong nasa panganib ng suicide
- ✓ nakaligtas sa suicide attempt

IWASAN

- ✗ Nagcommit ng nagpapakamatay
- ✗ Suicidal na tao

5. IGALANG ANG PERSONAL NA PAGPAPAHAYAG NG BAWAT TAO

May mga taong mas pinipili ang person-first language (halimbawa, “taong nabubuhay na may depresyon”), habang ang iba ay mas gusto ang identity-first language (halimbawa, “I am bipolar” o “I am autistic”). Pinakamainam na gamitin ang mga salitang pinipili ng tao upang ilarawan ang kanilang sarili, at iwasang magbigay ng mga label o diagnosis na hindi nila kusang ibinahagi.

Quick Sanggunian: Mga Opsyon sa Wika

GAMITIN ANG MGA SUMUSUNOD NA SALITA

- ✓ namatay sa pagpapakamatay
- ✓ Mga hamon sa kalusugan ng isip
- ✓ Taong nabubuhay na may mental mga hamon sa kalusugan
- ✓ taong may Substance Use Disorder (SUD)
- ✓ Substance Use Disorder (SUD)
- ✓ Hindi karaniwan o hindi nahuhulaang pag-uugali
- ✓ kalusugan ng isip pasilidad ng ospital/paggamot

IWASAN ANG MGA SUMUSUNOD NA SALITA

- ✗ Nagcommit ng nagpakamatay
- ✗ Mga isyu sa pag-iisip/sakit sa isip (bilang isang label)
- ✗ taong may sakit sa pag-iisip
- ✗ adik, alcoholic
- ✗ Pag-abuso sa sangkap
- ✗ baliw, psycho
- ✗ asylum

Ang mga salitang ating pinipili ay makatutulong upang maramdaman ng mga tao ang paggalang at kaligtasan. Kung hindi tiyak kung ano ang sasabihin, pumili ng wikang nakatuon sa tao at sa kanyang karanasan.

Mga Tala sa Pagpupulong

Ang pagtatala ng mga impormasyon sa pagpupulong ay makatutulong upang matandaan ang mga natutunan, mga taong nakilala, at mga bagay na kailangang balikan o sundan. Ito ang template na maaari mong magamit upang maisulat ang iyong mga tala.

Petsa/Oras:

Lugar ng pagpupulong:

Mga Paksa na Tinalakay:

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Mga Dumalo sa Pagpupulong:

Pangalan: _____

Tungkulin: _____

Pangalan: _____

Tungkulin: _____

Pangalan: _____

Tungkulin: _____

Pangalan: _____

Tungkulin: _____

Ano ang Napagpasyahan:

Mga Gusto Kong I-follow up:

Mga Tala para sa Susunod na Pagpupulong:

_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____

Mga Myth at Katotohanan Tungkol sa BHSA Community Planning Process

MYTH 1

“Kailangang nagtatrabaho ka sa isang organisasyon upang makilahok.”

Katotohanan: Maaaring makilahok ang sinuman.

Kung mayroon kang karanasan sa mga pagsubok dahil sa mental health o sa Substance Use Disorder, o may mahalagang tao kang inaalagaan na nakararanas nito, mahalaga ang iyong opinyon.

Kinakailangan ng Behavioral Health Services Act na isama ng mga lalawigan ang mga miyembro ng komunidad — hindi lamang mga propesyonal — sa pagpapalano.

MYTH 2

“Hindi makakaapekto ang aking opinyon.”

Katotohanan: Maaaring magkaroon ito ng tunay na epekto.

Kinakailangang idokumento at isaalang-alang ng mga lalawigan ang puna ng publiko bago aprubahan ang kanilang BHSA Integrated Plan. Ang mga komento at kuwento ng komunidad ay kadalasang nagiging sanhi ng pagbabago sa mga programa.

MYTH 3

“Alam na ng lalawigan ang pangangailangan ng mga tao.”

Katotohanan: Kailangan ng lalawigan ang inyong karanasan sa buhay upang mas maunawaan ang tunay na kalagayan ng komunidad.

Maaaring maipakita ng data ang mga numero, ngunit ang mga personal na kuwento ang nagpapaliwanag ng kahulugan sa likod ng mga numerong ito. Ang inyong input ay nakatutulong sa paghubog ng mga programang behavioral health na tumutugon sa tunay na pangangailangan ng komunidad.

MYTH 4**“Kailangang magsalita sa publiko upang makilahok.”**

Katotohanan: Maraming paraan upang makilahok.

Maaari kang dumalo sa listening session, magsumite ng nakasulat na komento, sagutin ang survey, o ibahagi ang iyong saloobin sa isang grupo ng komunidad na nag-uulat sa lalawigan.

Ang lahat ng feedback ay itinatala bilang bahagi ng pampublikong record.

MYTH 5**“Kailangang magsalita ng Ingles upang makilahok.”**

Katotohanan: Maaari kang makilahok sa anumang wika.

Kinakailangang gawing bukas ng mga lalawigan ang mga pagpupulong sa lahat sa pamamagitan ng pagbibigay ng interpreter o serbisyo sa pagsasalin. Ito ay itinatakda ng batas.

Ang iyong boses ay tinatanggap at kailangan — sa wikang iyong pinakakomportableng gamitin.

MYTH 6**“Kailangang maging eksperto o opisyal upang makilahok.”**

Katotohanan: Mahalaga ang iyong boses.

Hindi mo kailangang malaman ang mga teknikal na termino o magkaroon ng propesyonal na background. Ang mga pagpupulong na ito ay idinisenyo upang marinig ang mga taong may personal na karanasan. Ang iyong boses ay nakatutulong sa paghubog ng mga serbisyong behavioral health sa inyong komunidad.

 MYTH 7

“Isang beses lamang ang proseso ng pagpaplano at nagtatapos ang papel ng komunidad pagkatapos maaprubahan ang plano.”

Katotohanan: Ang pagpaplano at pakikilahok ng komunidad ay nagpapatuloy sa buong taon, bawat taon.

Kinakailangang magsumite ang mga lalawigan ng bagong Integrated Plan kada tatlong (3) taon, at kailangan din nilang suriin, i-update, at baguhin ang plano taun-taon. Sa buong taon, sinusubaybayan ng mga lalawigan ang progreso, ibinabahagi ang mga resulta, at gumagawa ng mga pagbabago batay sa kung ano ang epektibo. Kinakailangan ang input ng komunidad sa kabuuan ng proseso, hindi lamang sa simula.

 MYTH 8

“Malalaki lamang na lungsod ang may boses sa proseso.”

Katotohanan: Pare-parehong patakaran ang sinusunod ng bawat lalawigan sa pakikilahok ng komunidad, maging ito man ay maliit o malaki.

Kahit nakatira sa rural na lugar o sa lungsod, obligado ang lalawigan na magbigay ng pagkakataon para sa lokal na pakikilahok sa pagpaplano ng mga programa.

Mga Sanggunian

Pinagsasama-sama ng seksyong ito ang mga kapaki-pakinabang na sanggunian at mga pinagkakatiwalaang link upang suportahan ang inyong pakikilahok sa pagpapalano ng serbisyong behavioral health sa komunidad.

Hanapin ang Iyong County

Magsimula sa lokal na antas. Ang bawat lalawigan sa California ay may sariling Behavioral Health Department at Community Planning Process. I-click ang link ng inyong lalawigan sa ibaba upang makita ang impormasyon tungkol sa mga pagpupulong, detalye ng pakikipag-ugnayan, o mga paraan upang makilahok sa usapan sa inyong lugar.

Alameda	Alpine	Amador	Butte	Calaveras	Colusa
Contra Costa	Del Norte	El Dorado	Fresno	Glenn	Humboldt
Imperial	Inyo	Kern	Kings	Lake	Lassen
Los Angeles	Madera	Marin	Mariposa	Mendocino	Merced
Modoc	Mono	Monterey	Napa	Nevada	Orange
Placer	Plumas	Riverside	Sacramento	San Benito	San Bernardino
San Diego	San Francisco	San Joaquin	San Luis Obispo	San Mateo	Santa Barbara
Santa Clara	Santa Cruz	Shasta	Sierra	Siskiyou	Solano
Sonoma	Stanislaus	Sutter	Tehama	Trinity	Tulare
Tuolumne	Ventura	Yolo	Yuba		

Makikita rin ninyo ang kumpletong listahan ng iskedyul ng pagpupulong ng mga Local Behavioral Health Boards at Commissions sa California sa pamamagitan ng [link](#) na ito.

Tip: Hindi kailangang basahin ang lahat nang sabay-sabay — magsimula sa inyong lalawigan, at pagkatapos ay tuklasin ang mga seksyong naaangkop sa inyong pangangailangan.

Matuto Pa

Mas maunawaan kung paano ginagawa ang mga desisyon. Ang mga sangguniang ito ay nagpapaliwanag kung paano nagpapalano at nagpopondo ang mga lalawigan sa mga serbisyong behavioral health — at kung paano maaaring makilahok ang publiko.

→ **California Department of Health Care Services: [Community Planning Process and Local Stakeholder Engagement Handout](#)**

Pangkalahatang paliwanag kung paano nangangalap ang mga county ng community input, kabilang ang mahahalagang requirements at timelines.

→ **California Department of Health Care Services: [“Engaging in the BHSA Community Planning Process” Webinar Slide Deck](#)**

Sinasaklaw nito kung ano ang BHSA, paano gumagana ang Community Planning Process, paano nakikipag-ugnayan ang mga county sa mga stakeholder, at paano maaaring manatiling aktibo ang mga miyembro ng komunidad.

→ **California Coalition for Behavioral Health: [BHSA Community Planning Resources and Toolkits](#)**

Mga gabay at template upang suportahan ang lokal na community engagement sa ilalim ng Behavioral Health Services Act.

Alamin kung paano sinusubaybayan at iniuulat ng mga lalawigan ang progreso sa behavioral health. Ang mga website ng estado ay nagpapakita kung paano ipinatutupad ang Behavioral Health Services Act (BHSA) at kung paano iniuulat ng inyong lalawigan ang mga resulta nito

→ **California Department of Public Health (CDPH)**

Sinusubaybayan ang mga Population-Based Prevention na hakbang at nagbibigay ng data tungkol sa mga statewide trend sa behavioral health. Bisitahin ang cdph.ca.gov.

→ **California Health and Human Services Agency, Department of Health Care Access and Information (HCAI)**

Sinusubaybayan ang Behavioral Health Workforce Initiative ng California, kabilang ang data sa workforce development at mga investment sa programa. Bisitahin ang hcai.ca.gov.

→ **Commission for Behavioral Health (formerly MHSOAC)**

Sinusuri ang mga kinalabasan at itinataguyod ang innovation sa buong California. Bisitahin ang bhsoac.ca.gov.

→ **Department of Health Care Services (DHCS)**

Namamahala sa pondo para sa behavioral health at sa mga Integrated Plan ng county. Bisitahin ang dhcs.ca.gov.

Unawain ang lokal na datos ng behavioral health. Ang mga dashboard na ito ay makatutulong upang malaman ninyo ang mga uso, pangangailangan, at mga serbisyong umiiral sa inyong lalawigan.

→ **CalMHSA: [Data Dashboards](#)**

Mga behavioral health indicator sa antas ng buong estado at ng county.

→ **CalMHSA: [Know Your County Indicators Dashboard \(CalMHSA\)](#)**

Mga demographic at behavioral health snapshot para sa bawat county.

→ **California Department of Health Care Services: [Behavioral Health Continuum Infrastructure Program Dashboard](#)**

Mga investment ng estado sa mga pasilidad, pabahay, at imprastruktura.

Maghanap ng mga paraan upang maipahayag ang inyong saloobin at maibahagi ang inyong kuwento. Ang mga gabay na ito ay naglalaman ng karagdagang mga tip at kasangkapan para sa mga miyembro ng komunidad, pamilya, at tagapagtaguyod na nais makibahagi sa paghubog ng mga programa sa behavioral health.

→ **California Association of Local Behavioral Health Boards and Commissions: [Basic Guide to Advocacy](#)**

Mga simpleng hakbang para makilahok sa mga county board at mga public meeting.

→ **California Department of Aging: [County Toolkits](#)**

Ang mga toolkit na ito ay ginawa upang suportahan ang pakikipag-ugnayan sa mga lokal na behavioral health department, gabayan ang pag-navigate sa mga planning process, at mag-advocate para sa mga serbisyo para sa mga nakatatandang adulto.

→ **NAMI California: [Advocacy Toolkit](#)**

Mga praktikal na gabay sa storytelling, policy engagement, at pamumuno sa komunidad.

Manatiling Konektado at Maghanap ng Suporta

Maghanap ng mga mapagkakatiwalaang sanggunian ng suporta at impormasyon. Ang mga organisasyon at programang panlalawigan na ito sa California ay nagbibigay ng maaasahang impormasyon, edukasyon, at tulong para sa mga indibidwal, pamilya, at tagapagtaguyod na may kaugnayan sa behavioral health.

211 California

Libreng 24-oras na helpline at website na nag-uugnay sa inyo sa mga verified na lokal na serbisyo, kabilang ang pabahay, pagkain, at suporta sa mental health. Tawagan ang 211 o bisitahin ang 211ca.org.

CalHOPE

Programang sinusuportahan ng estado na nagbibigay ng libreng emotional support, crisis counseling, at mga mapagkukunan para sa mga taong nakararanas ng stress, trauma, o mga hamon sa behavioral health. Bisitahin ang calhope.org.

Commission for Behavioral Health

Nagbibigay ng mga kasangkapan at gabay upang tulungan ang mga indibidwal, pamilya, at komunidad na maunawaan ang mga sistema ng behavioral health. Makakahanap ng impormasyon tungkol sa crisis support, serbisyo para sa kabataan, prevention, at advocacy. Bisitahin ang <https://bhsoac.ca.gov/finding-help/>.

NAMI California (National Alliance on Mental Illness)

Nag-uugnay sa mga indibidwal at pamilya na apektado ng mga kondisyon sa kalusugang pang-isipan sa mga programang pang-edukasyon, peer support group, at oportunidad sa adbokasiya. Hanapin ang inyong lokal na sangay sa namica.org.

State of California Mental Health for All

Isang statewide hub na nagbibigay ng praktikal na impormasyon tungkol sa pagpapanatili ng maayos na kalusugang pang-isipan, paghahanap ng tulong, at pagsuporta sa iba. Nag-aalok ito ng mga tip sa self-care, mga mapagkukunan sa komunidad, at mga opsyon para sa crisis support. Bisitahin ang <https://www.mentalhealth.ca.gov/>.

Take Action for Mental Health (California Department of Health Care Services campaign)

Isang kilusang panlalawigan sa California Department of Health Care Services na naglalayong bawasan ang stigma at isulong ang kamalayan sa kalusugang pang-isipan. Nagbibigay ito ng mga kampanya, edukasyon, at sanggunian. Bisitahin ang takeaction4mh.com.

United Parents

Sumusuporta sa mga magulang at tagapag-alaga na nagpapalaki ng mga bata at kabataang may emosyonal, asal, at mental health na hamon. Nag-aalok ng peer support, edukasyon, at oportunidad sa pamumuno para sa mga pamilya. Matuto pa sa unitedparents.org.

Mga Pagkilala

Ang BHSA Community Planning Toolkit na ito ay binuo sa tulong ng mga organisasyon at indibidwal mula sa iba't ibang bahagi ng California. Maraming organisasyon at mga advocate ang nagbigay ng mahalagang feedback sa pamamagitan ng mga interview at listening session. Nakatulong ang kanilang mga input upang matiyak na ang toolkit na ito ay sumasalamin sa mga pangangailangan at boses ng mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran.

Nais naming magpaabot ng espesyal na pasasalamat sa mga sumusunod na grupo at kalahok sa pagbabahagi ng kanilang oras, kaalaman, at lived experience sa mga isinagawang interview noong Oktubre at Nobyembre 2025:

[Behavioral Health Advisory Board Reform Initiative \(BHABrehab\)](#)

Nagtataguyod sa pagpapalakas ng papel at pagiging epektibo ng mga County Behavioral Health Board.

[California Association of Alcohol and Drug Program Executives \(CAADPE\)](#)

Ang mga miyembrong ahensya nito ay naghahatid ng mga serbisyo sa paggamot at recovery para sa Substance Use Disorder (SUD) sa buong estado.

[California Department of Corrections and Rehabilitation \(CDCR\)](#)

Namamahala sa mga sistema ng bilangguan at parole sa California, na may pagtuon sa kaligtasan ng publiko, rehabilitasyon, at matagumpay na muling pagpasok sa lipunan.

[California Pan-Ethnic Health Network \(CPEHN\)](#)

Nagsusulong ng health equity para sa mga komunidad ng kulay, mga imigrante, at LGBTQ+ na mamamayan ng California.

[Cal Voices](#)

Nagbibigay ng peer-led advocacy, edukasyon, at culturally responsive na serbisyon behavioral health sa buong estado.

[County Behavioral Health Directors Association of California \(CBHDA\)](#)

Kinakatawan ang mga direktor ng behavioral health mula sa lahat ng 58 lalawigan sa California.

[National Alliance on Mental Illness \(NAMI\) California](#)

Kinakatawan ng NAMI California ang mga pamilya, kapwa may personal na karanasan, at mga tagapagtaguyod na nagtatrabaho sa buong estado upang mapabuti ang kamalayan sa kalusugang pang-isipan, access sa serbisyo, at equity sa pangangalaga.

[St. John's Program for Real Change](#)

Nagbibigay ang St. John's Program ng pabahay, pagsasanay sa trabaho, at mga suportang serbisyo para sa mga kababaihan at bata na nakararanas o nakaahon mula sa homelessness, trauma, at addiction.

[United Parents](#)

Pinapalakas ng United Parents ang kakayahan ng mga magulang at tagapag-alaga na suportahan ang mga bata at kabataang may emosyonal, asal, at mga pagsubok dahil sa mental health.

